WCB FACTS 2024

GROUP LIFE INSURANCE NG WCB

Ano ang group life insurance ng WCB?

Ang group life insurance ng Workers Compensation Board ay isang life insurance plan na pinondohan ng Workers Compensation Board.

Sino ang karapat-dapat para sa coverage?

Ang mga manggagawa ay awtomatikong sakop ng group life insurance plan ng WCB kung:

- ang pinsala sa lugar ng trabaho ay nangyari noong o pagkatapos ng Enero 1, 1992; at
- natanggap ang mga benepisyo para sa nawalang sahod nang 104 linggo kasunod ng pinsala.

Tandaan na ang benepisyong ito ay hindi available sa iyo kung mayroon kang aktibong life insurance plan sa iyong employer at sa oras ng iyong pagpanaw.

Paano kung mayroon na akong life insurance coverage?

Ang group life insurance ng WCB ay hindi pumipigil sa manggagawang magkaroon ng mga karagdagang mga polisa ng life insurance sa pamamagitan ng mga pribadong nagdadala ng mga paninda (private carrier).

Gaano katagal magtatagal ang polisa ng life insurance na ito?

Ang coverage sa insurance na ito ay magpapatuloy habang ikaw ay tumatanggap ng mga benepisyo para sa nawalang sahod at hanggang sa 90 araw makalipas ang iyong panghuling tseke para sa benepisyo para sa nawalang sahod.

Sino ang benepisyaryo ng WCB group life insurance benefit?

Ang mga benepisyo ng group life ng WCB ay binabayaran sa ari-arian ng manggagawa. Ang benepisyo ay babayaran anuman ang sanhi ng kamatayan.

Magkano ang babayaran?

Para sa 2024, ang maaaring makuhang benepisyo ay $15,100 kung walang mga umaasa sa iyo o $58,880 kung mayroong isa o higit pang umaasa sa iyo. Ang mga halagang ito ay iniaakma taun-taon.

Kapag binibigyan ng awtorisasyon ang antas ng mga benepisyo na dapat bayaran, umaasa ang WCB sa *The Workers Compensation Act* para mapagpasyahan kung mayroon talagang umaasa.

Paano inaangkin ang benepisyo?

Sa karamihan ng mga kaso, ang WCB ay makikipag-ugnayan sa iyong mga umaasa o taong kumakatawan sa iyong estate. Gayunman, maaari silang makipag-ugnayan sa WCB sa 204-954-4321 o walang bayad sa 1-855-954-4321 para mapagpasyahan ang iyong pagiging karapat-dapat.

Ang paglalathalang ito ay ipinapagkaloob bilang pangkalahatang impormasyon. Hindi nito nilalayong maging legal na payo, at hindi dapat umasa dito para sa layuning iyon. Para sa mga mas tiyak na impormasyon, tingnan ang *The Workers Compensation Act and Regulations at ang Mga Patakaran ng WCB.* Ang mga dokumentong ito ay makukuha sa website ng WCB sa wcb.mb.ca.